# DANISH METALWORKERS AY ISANG UNYON NG MAGGAGAWA.

Isang malakas na kasosyo



DANSK METAL

# MALIGAYANG PAGDATING SA DENMARK

Umaasa ako na ang iyong pagtatrabaho dito sa Denmark ay magiging positibong karanasan para sa iyo. Ang pag intindi ng patakaran at karatapan dito sa Denmark ay maaring maging mahirap.

Ang Danish Metalworkers' Union (Dansk Metal) ay nagtatrabaho nang propesyonal upang pangalagaan ang mga karapatan at interes ng mga miyembro nito sa loob ng higit sa 125 taon.

Kaya't lubos naming inirerekumenda na maging miyembro ka ng Dansk Metal - isang malakas at maaasahang kasosyo na nasa tabi mo sa tuwing kailangan mo ng suporta. Ang Dansk Metal ay isang demokratikong asosasyon kung saan ang mga miyembro ang gumagawa ng mga desisyon.

Ang Dansk Metal ay may miyembro na 105,000 sa pagmamanupaktura, gusali at konstruksiyon, IT at Telekomunikasyon, pati na rin ang industriya ng serbisyo sa mga negosyo sa buong Denmark.  Sa leaflet na ito makikita mo ilang mga isyo kong ano ang maitulong namin. Gagawin namin ang aming makakaya upang matiyak na ang iyong buhay pagtatrabaho sa Denmark ay nasa patas na mga tuntunin at ligtas na mga kondisyon

Ang iyong tapat,

**CLAUS JENSEN**
Pangulo ng unyon

### KONTRATA SA PAGTATRABAHO

Ikaw ay may karapatan sa isang kontrata sa pagtatrabaho, kung ikaw ay nagtatrabaho nang hindi bababa sa isang buwan at iyong karaniwang oras ng pagtatrabhao kada linggo ay hindi bababa sa walong oras.

### DAPAT KASAMA SA KONTRATA ANG;

- Pangalan at tirahan at tsaka pangalan ng employer
- Petsa kung kailan nagsimula ang iyong trabaho at ang iyong oras ng pagtatrabaho
- Sahod at mga suplemento
- Ano ang iyong trabaho o  magbigay ng paglalawaran sa iyong trabaho
- Ang tagal ng trabaho at mga tuntunin tungkol sa pagwawakas ng trabaho
- Mga karapatan sa bakasyon
- Mga tuntuning nakasaad sa mga kolektibong kasunduan

Kontakin kaagad ang iyong representate sa lokal na sangay kung hindi mo pa natatanggap ang iyong kontrata sa loob ng isang buwan o kung sa tingin mo ay maaring mali ang iyong kontrata.

**SAAN KAMI HAHANAPIN**

Kung ang Dank Metal ay may mga tagapangasiwa sa iyong lugar ng trabaho, matutulungan ka nila.      Kung hindi, mas malugod kang tumawag sa aming punong tanggapan sa (+45) 3363 2000

## ANG IYONG GABAY SA TRABAHO AT KARAPATAN SA DENMARK

### MAY SAHOD KA HABANG MAY SAKIT

Kung magkasakit ka, makakatanggap ka ng sahod at benepisyo ayon sa mga tunutunin ng Denmark.

### KARAPATAN SA BAKASYON NG MGA MAGULANG (DURING MATERNITY LEAVE)

Ang maternity leave dito sa Denmark nag bibigay ng karapatan makakuha na may bayad na bakasyon at sahod.

### LOKAL NA KASUNDUAN

Ang lokal na kasunduan ay isang kaayusan partikular sa kong saan nagtatrabaho, kasama dito ang kolektibing kasunduan halimbawa oras ng trabaho, pahinga at sweldo naayon sa lokal na kondisyon.

### KINATAWAN NG UNYO/ REPRESENTANTE

Ang isang kinatawan ng unyon ay isang empleyado na inihalal ng mga kasamahan upang kumatawan sa kanila patungo sa employer at tiyakin ang magandang kondisyon sa pagtatrabaho.

### PAPEL NA NAGPAPATUNAY NA SIGURADONG PANGKALUSUGAN (HEALTH CARD)

Ang health insurance card ay ang yellow card na nagbibigay sa iyo ng access sa pangangalagang medikal at mga serbisyong pangkalusugan sa Denmark.

### KOLEKTIBONG KASUNDUAN

Ang kolektibong kasunduan ay isang kontrata sa pagitan ng unyon ng manggagawa at tagapag-empleyo na nagbibigay ng mga karapatan bilang suweldo, oras ng pagtatrabaho at holiday.

### ALAGAAN MO NG MABUTI ANG IYONG SARILI

Sa denmark may karapatan kang magtrabaho nang hindi nagkakasakit o nasugatan. Walang dagdag na bayad para sa mapanganib na trabaho. Responsibilidad ng employer na gawing ligtas ang trabaho hangga’t maaari. Dapat ka ring mag-ingat at sundin ang mga regulasyon sa kaligtasan.

### TANDAAN MO:

- sundin ang lahat ng mga tagubilin (itanong kung hindi ka sigurado)
- gumamit ng mga kagamitang pangkaligtasan (hal. bentilasyon kapag hinang, liftig gear para sa mabibigat na bagay)
- gamitin ang mga kagamitang pang-proteksyon na ibinigay sa iyo (guwantes, helmet, salaming de kolor atbp.)
- sundin ang mga safety data sheet para sa mga kemikal
- sundin ang nasa manwal para sa mga makina
- panatilihing malinis at maayos ang iyong lugar - lalo na kung saan tumatakbo ang transportasyon
- huwag kailanman sumubok ng anuman mapanganib na maaaring makapinsala sa iyo o sa iyong mga kasamahan

Kung hindi ka sigurado sa trabaho, tanungin ang iyong superbisor. Kung ikaw ay nasuga-tan o nakakita ng isang bagay na mapan-ganib, makipag-ugnayan kaagad sa Dansk Metal. Tinutulungan namin ang mga miyem-bro na may kabayaran at mas magandang kondisyon sa pagtatrabaho.

**KUNG MAYROON KANG ANUMANG MGA KATANUNGAN, MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG SHOP STEWARD O SA IYONG LOKAL NA SANGAY NG UNYON.**

### IBA PANG BENEPISYO NG MEMEBER

Libreng gabay tungkol sa:

- buwis, pensiyon at sweldo pag nagbakasyon
- suweldo at kondisyon sa pagtatrabaho
- pagpapa-alis at mga pinsalang nauugnay sa trabaho.

OR-028 – WORKING IN DENMARK – FILIPINSK – NOVEMBER 2025

DANSK METAL